



Mag-ingat sa paggamit ng revolving credit



Kamakailan, may pagkunsulta sa pagbayad gamit ang revolving credit o “ribo-barai”. Gusto nilang gumamit ng revolving credit dahil ang buwanang bayarin ay mas konti kaysa pagbayad ng hulugan. Hindi nila alam mas pabigat ang maling paggamit nito.

●●● Mga paraan ng pagbayad gamit ang credit card ●●●

Kung gustong mamili pero walang pera, o kulang ang pera, nakakagaan ang paggamit ng credit card. Mga paraan ng pagbayad gamit ang credit card: isang beses na kabuuang bayad, hulugan, o buwanang pagbayad ng parehong halaga (revolving credit o “ribo-barai”). Kapag may gusto kayong bilhin at walang dalang pera maaaring gamitin ang credit card para sa isang kabayaran o hulugan. Subalit kung ginamit ninyo ang revolving credit o ribo-barai, na hindi lubusang naiintindihan ang proseso maaaring mabaon kayo sa pagkakautang.

●●● Pag-ingat sa paggamit ng revolving credit ●●●

Sa pagbayad ng hulugan, ang bayarin buwan-buwan ay depende sa bilang ng hulog. Ang revolving credit naman ay aakalaing madali dahil ang buwanang bayad ay pare-pareho lang ang halaga. Kagaya ng ibig sabihin ng “revolving” na ang pagbabayad ng parehas na halaga kada buwan. Pero, kung palaging namimili gamit ang revolving credit, at hindi pina-plano, tumataas ang balanse ng bayarin, ang kabuuang utang pati ang handling fee ay tumataas. Dapat mabayaran ang buong pagkakautang.

Dapat magbayad agad kung gumamit ng revolving credit.


Huwag gamitin ang revolving credit kung hindi labis na kinakailangan.

Disaster Drill sa Agosto 28 (Linggo) 9:00-12:00

Saan: East side square, Fujimino City Hall

Pagsasanay ng paggamit ng fire extinguisher, paghahanda at pamamahagi ng curry rice, maranasan ang kahandaan kung nilindol, mausok, at iba pang pagsasanay. May libreng sakay sa bus mula sa east exit ng Kamifukuoka Stn, east exit ng Fujimino Stn, at General branch office ng Ooi. Isama ang pamilya at mga kaibigan sa pagpunta.

Para sa detalye, magtanong sa FICEC.



Piyesta at kasiyahan sa Agosto at Setyembre

★**Kami-fukuoka Tanabata Festival**

Kailan: August 6 (Sat.), 7 (Sun.) 14:00 to 20:00

Lugar: Fukuoka Chuo Park, Fujimino-shi (Malapit sa head office) May pwesto ang FICEC dito. Ang International Children's Club ay may water balloon corner. Matitikman dito ang lutong Sri Lankan at Filipino. Mayroon ding mga papremyo.



★**Fireworks display sa Tobutojosen August 6 (Sat)**

Asaka Citizens Festival

August 6 (Sat)

Fireworks sa Yoriii-Tamayodo
August 27 (Sat)

Fireworks sa Higashi Matsuyama
August 27 (Sat)

Fireworks sa Koedo Kawagoe
September 3 (Sat) **Miyoshi Festival**



Maglibang tayo sa mga paputok sa gabi ngayong summer. Nakasaad sa itaas ang mga petsa para sa Tobutojosen Para sa detalye tingnan sa internet o kumontak sa FICEC.

★**Fujimi-shi International Exchange Forum [Magkaroon ng kaalaman ng iba't ibang kultura]**

Kailan: September 24 (Sat)

Lugar: Fujimi City Civic Cultural Hall:
Kirari Fujimi Multiple Hall

Programa:

Mga atraksyon, pagpalitrato na nakasuot ng iba' ibang pambansang damit, mga palaro, talumpati ng mga dayuhan sa Nihongo, minatamis na lutong dayuhan, Thai massage, pagayos ng bulaklak, at iba pa. Libre ito!

Isama ang inyong pamilya at mga kaibigan, ang mga bata ay tiyak na maaliw.



Magpa-health checkup tayo!



Sa mga nakatira sa Fujimi-shi, Fujimino-shi, at Miyoshi-machi makakatanggap ng gabay para sa health

check-up . Ito ay para sa mga kasapi ng National Health Insurance mula 40 - 74 taong gulang, at sa mas nakakatanda o elderly healthcare system para sa 75 taong gulang pataas. Maaaring wala kayong nararamdaman, pero hindi sigurado kung walang sakit.

Magpakonsulta tayo ng kalusugan.

*Babayaran : ¥1000

*Check-up ng : Blood test, blood pressure test, electrocardiographic testing, fundus examination, urinalysis, physical measurement, at iba pa.

Pag-iingat sa pekeng pag-akusa

Dumadami ang konsultasyon sa Consumer Center, gaya ng “pinagbintangan ako sa bagay na hindi ko alam” o “nakasaad na makakasuhan ako kapag hindi tumawag sa kanila”, sa pamamagitan ng PC at iPhones. Iminungkahi ng Consumer Center ang sumusunod:



- Huwag intindihin kung walang kinalaman sa bintang
- Huwag magbayad kahit sabihan ng “kakasuhan kayo”
- Huwag tumanggap ng spam mail, o magpalit ng mail address sakaling makatanggap.

Kumonsulta kaagad sa Consumer Center (☎049-252-7181) kung may katanungan o may pag-aalala.